

# ARALING SAGISAG KULTURA

**Grade 2**  
Huwarang Aralin Batay sa  
Kultura sa Filipino

---

Epiko ni Tudbulul

Inihanda ni **RICHARD P. MORAL**

SAGISAG KULTURA: **Epiko ni Tudbulul (Salin sa Wikang Tiboli)**

PAKSA: **Epiko (Epiko ni Tudbulul)**

PANAHAON: **Limang Araw na Pagkikita**

## MGA LAYUNIN

### Pangkalahatang Layunin

Pagkatapos ng limang araw na pagkikita ang 90% ng mga mag-aaral ay inaasahang makapagpapaliwanag ng koneksiyon ng kabayanihan at epiko.

### Mga Tiyak na Layunin

#### PAKIKINIG:

1. Nasusuri ang mga napakinggang tunog/salita: pahiwatig, kahulugan at konteksto nito;
2. Nakagagawa ng dokumentasyon ng larawan na nakabatay sa kultura ayon sa narinig o nabasang kuwento;

#### PAGSASALITA:

3. Naipapaliwanag kung paano nagagamit ang mga bahagi ng katawan para sa kapuwa, bayan, at bansa;
4. Naihahambing ang katangiang taglay ni Tudbulul sa sariling kakayahan;

#### PAGBASA:

5. Nakagagawa ng pagsusuri gamit ang big question technique sa binasang epiko;
6. Nakapagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa epiko;

#### PAGSULAT:

7. Nakasusulat ng isang tanaga na may kaugnayan sa pangyayari sa epiko gamit ang karatulastasan;
8. Nakagagawa ng isang panayam hinggil sa kinikilalang bayani sa pook;


#### PANONOOD:

9. Nailalahad ang sariling opinyon hinggil sa video na napanood.

## I. UNANG ARAW


### A. PAGGANYAK

1. Magpaparinig ang guro ng mga sigaw o tunog na may direktang kaugnayan sa kasaysayan. Isasagawa ito gamit ang audio o speaker. Susuriin ng mga mag-aaral ang mga napakinggang salita at ibibigay kung ano ang naging pahiwatig, kahulugan at konteksto ng salita sa pagbabago ng lipunan o kasaysayan. Gamitin ang flowchart sa ibaba upang maiproseso ang gawain.



2. Magbibigay ang mga mag-aaral ng mga parirala kung ano ang nais ipahiwatig ng mga sigaw na napakinggan. Susuriin ng klase kung ano ang naging silbi ng mga pariralang ito upang magbago ang ating bansa.
3. Matapos magbigay ng mga kasagutan ang mga mag-aaral, ilalahad ng guro ang gawain sa araw na ito. Gamit ang mga sagot ng mag-aaral, magpapakita sa klase ang guro ng palayok na naglalaman ng pangalan ng mga bayani.
4. Tatawag ang guro ng isang mag-aaral upang bumunot ng isang pangalan at tutukuyin niya ito sa mga larawang nasa pisara. Matapos maiugnay ang pangalan at larawan, magbibigay ng kaunting paliwanag ang mga mag-aaral kung ano ang naging kontribusyon ng mga taong ito sa ating bansa. luugnay ng mga bata ang mga salita o pahayag sa mga bayaning nagsabi nito.

*Mga larawan mula sa Sagisag Kultura ng Filipinas.*



- Maaaring gamitin ang mga larawan ng kilalang tao o bayani sa lokal na pamayanan o probinsiya na kinabibilangan ng mga mag-aaral.
- Isa itong paraan upang maging lokalizado ang pagtuturo ng guro.
- Magtatanong din ang guro kung paanong ginagamit ng mga sinaunang Filipino ang palayok.

## B. PAGLALAHAD

1. Matapos mapag-usapan ang larawan at ang naging kontribusyon ng mga bayani, mas lalo pang palalalimin ng guro ang talakayan sa salitang bayani sa pamamagitan ng panonood. Panonoorin ng klase ang isang dokumentaryong pantelibisyon na may pamagat na:

### “MGA LIMOT NA BAYANI”

#### ISANG DOKUMENTARYO NG I-WITNESS

Maaaring makapamilya ang guro ng isang dokumentaryong pantelibisyon na may kahawig na paksa o hinggil sa pagiging bayani sa nagbabagong panahon.

2. Gamitin ang susunod na talahanayan sa pagsusuri ng dokumentaryong pantelibisyon.


ANG AKING INIISIP HINGGIL SA PALABAS BAGO AKO NANOOD...	HABANG NANONOOD AKO, ITO ANG AKING INIISIP...	PAGKATAPOS KONG MANOOD NALAMAN KO NA...	PINAG-ISIPAN KO ANG AKING NAPANOOD AT ANG MAGAGAWA KO AY...
1.			
2.			
3.			
4.			

3. Bago matapos ang klase,, magbibigay ng takdang-aralin sa mga mag-aaral. Magsasaliksik sila tungkol sa kahulugan ng epiko at sa buhay ni Tudbulul bilang epiko ng mga Tiboli.

## II. IKALAWANG ARAW

### A. PAGTALAKAY SA ARALIN

1. Pag-uusapan ng klase ang napanood na dokumentaryong pantelibisyon gamit ang tsart. Bibigyang pakahulugan ang napanood gamit ang pamamaraan sa ibaba. May mga salitang patanong sa ibaba na dudugtungan ng mga mag-aaral. Sila ang gagawa ng tanong batay sa napanood. Ang guro naman ang mamimili ng sasagot.



Maaaring ang halimbawang tanong ay:

- Paano matatawag na bayani ang isang tao?
- Kailan masasabing ang isang kilos ay pagpapakabayani?

2. Ilalahad ng guro ang paksang aralin hinggil sa epiko. Ipapaliwanag ng guro gamit ang kakayahan sa pagtatanong kung ano ang katangian ng mga epiko at ang halimbawang epiko.



Ang epikó ay ang sinauna't mahahabang patulang salaysay sa Pilipinas. Sa isang lektura noong 20 Hunyo 1962, sinuri ni E.A. Manuel ang mga epikong-bayan na naitalâ na noon ng mga etnolingguwista at antropologo. Inuri niya ang mga epikong-bayan alinsunod sa mga mayari ng pangkating etniko. Una, ang epikong-bayan ng mga Kristiyano at pangunahing halimbawa ang Biag ni Lam-ang ng mga Ilokano at siyá ring kauna-unahang epikong-bayang naitalâ sa Pilipinas. Ikalawa, ang epikong-bayan ng mga pangkating pagano at siyáng lumilitaw na pinakamarami. Kabilang sa sinuri ni E.A. Manuel ang Hudhúd ng mga Ifugaw, Ullálim ng mga Kalinga, Hiniláwod ng mga Sulod, Tuwáang ng mga Bagobo, Gúman ng mga Subanun, Agyú ng mga Bukidnon. Ikatlo, ang epikong-bayan ng mga Muslim at kabilang dito ang Darárgan ni Bantugan ng mga Meranaw. (Mula sa Sagisag Kultura ng Filipinas)

-Mula Sagisag Kultura ng Filipinas

### Mga Katangian ng Epiko

"Inilatag ni E.A. Manuel ang sumusunod na mga pangunahing katangian ng isang epikong-bayan: (1) salaysay na may sustenidong habà, (2) batay sa tradisyong pabigkas, (3) umiikot sa mga sobrenatural na pangyayari

o mga gawaing pambayani, (4) nása anyong patula, (5) inihimig o inaawit, (6) may layuning seryo sa pagtitipon o pagpapatibay ng mga kapaniwalaan, mga kaugalian, mga mithi, o mga hálagáhan sa búhay ng sambayanan.” (*Sagisag Kultura ng Filipinas*)

Liban dito sa aklat na ang “Ang Ating Panitikan,1978” ni Rufino Alejandro, inisa-isa niya mga katangian ng isang epiko bilang anyo ng panitikan, KAILANGANG magtaglay ang epiko ng mga sumusunod:

1. **PANAWAGAN** (narrative address)-ang istorya ay isinasalaysay sa mga manonood. Ang tagapagsalaysay ay maaaring magsimula sa pamamagitan ng paghingi ng patunubay mula sa mga diyos.
2. **TUNGGALIAN** (conflict)- Laging may pagtutunggali rito na hindi maiiwasan ng bida na lutasin sa simula pa lamang ng istorya. Tanging ang bida o bayani lamang ang makalulutas ng nasabing problema.
3. **NASA KALAGITNAANG AKSIYON** (middle action)- Tumutukoy ito sa mga istorya na nagsisimula sa aksiyon. Nalalaman na lamang ng mga nanonood kung ano ang nangyari sa pamamagitan ng flashback o inihahayag ng mga tauhan sa isa’t isa ang nakaraan.
4. **BALIK-TANAW** (flashback)- Ito ay ang pagtingin mula sa nakalipas upang alalahanin ang mahahalagang detalye sa gitna ng epiko.
5. **PAG-UULIT** (repetition)- Ang mga epiko ay mga sinasalitang salaysay. Ang pag-uulit ay mahalaga upang matulungan ang mambabasa na matandaan ang mahahalagang detalye.
6. **KODA NG PAGTANGGAP**- Kadalasan, ang bayani o bida ay tinatanggap sa ibang lupain. Maaaring bigyan sila ng pansamantalang masisilungan.

3. Matapos matalakay ang epiko, gagawa ng pagsusuri ang klase hinggil dito. Gagamitin ang pairing technique para mapalalim ang pag-unawa sa epiko. Pagpapangkatin ng guro ang mga mag-aaral. Ang bawat pangkat ay may pitong kasapi. Magiging lunsaran ng talakayan ang ilang tanong. Matapos ang talakayan sa pangkat, pabibilangin ng guro ang mga mag-aaral nang 1-7. Kung sino ang numerong natawag ng guro ang siyang sasagot. Kailangang alam ng lahat ang sagot kung kaya dapat silang magtulungan sa pagpapaliwanag. Magbibigay ng puntos ang guro batay sa pagpapaliwanag ng grupo. Ipapaliwanag din ng guro ang epiko bilang panitikan.




1. BAKIT MAY EPIKO ANG ATING MGA NINUNO? PARA SAAN ITO?
2. GAANO KAHALAGA ANG EPIKO SA PAGPAPALAGANAP NG KULTURANG FILIPINO?
3. BUHAY PA BA ANG EPIKONG BAYAN? ANO-ANONG EPIKO ANG INYONG NALALAMAN?

### III. IKATLONG ARAW

#### A. PAGPAPALALIM NG ARALIN

1. Ipapabasa ng guro ang Epiko ni Tudbulul: Ang Epiko ng mga Tboli (nasa huling pahina ang kopya). Sa pagpapabasa, gagamitin nila ang web technique at big question technique. Ang web technique ay ibibigay bago at habang nagpapabasa ng epiko. Ang big question technique ay ibibigay pagkatapos magbasa ang mga mag-aaral. Sa teknik na ito, ang bawat isa ay kailangang gumawa ng isang malalim na tanong mula sa nabasang epiko. Ilalagay ito ng guro sa palayok. Bubunot ang guro ng tanong sa palayok at mamimili ng mag-aaral na sasagot ng tanong.



Sasagutin bago at habang nagbabasa ng Epikong Tudbulul

Ang pagsasagawa ng big question technique ay batay sa limang salita pananong na SINO, SAAN, BAKIT, KAILAN, at PAANO. Ang mag-aaral ang gagawa ng tanong hinggil sa kanilang nabasang teksto. Liban dito, hinahayaan natin ang mga mag-aaral na tumuklas ng kaalamang gusto nilang makamit.

Ipapagawa pagkatapos ng pagbabasa

May diskusyon muna ang guro hinggil sa ginawang pagbasa at pagsusuri ng epiko ng mga mag-aaral.

Upang makuha ang pagkapanitikan ng epiko at ang katangian nito bilang isang akdang pampanitikan, gagawa ng pagsusuring-epiko ang klase.

KATANGIAN NG EPIKO	SAANG BAHAGI NG EPIKONG TUDBULUL ITO MABABASA?	Ilarawan ang...
Kagila-gilalas na tauhan		TAUHAN
Panawagan		PARAAN NG PAGESASALAYSAY
Tunggalian		LABANANG NANGYARI
Balik-tanaw		PAGSISIMULA NG EPIKO
Taglay na hiwaga/ kapangyarihan		KAPANGYARIHANG IPINAKITA
Koneksiyon sa kultural na paniniwala		KULTURAL NA ASPEKTO


- Matapos ang pagsusuri sa binasa, hahatiin ng guro ang bawat pangyayari sa epiko upang lubos nila itong maunawaan. Ito ang bibigyan ng dokumentasyon ng larawan na nakabatay sa kultura ng pangkat. Dito, ang mga mag-aaral ay maghahanap ng isang eksena o pangyayari sa kanilang pamayanan na nagpapakita ng kabayanihan tulad ng ipinakita ni Tudbulul. Ibabatay nila ito sakanilang talatang nabunot o nakuha. Gagamit sila ng kamera o cellphone. Maaari ring magtampok ng larawan ng mga katutubo sa pamayanan na nagpapakita ng pagtulong sa kapuwakatutubo. Ipapasa ang gawaing ito bilang katuparan sa araling ito. May rubric na gagamitin. Limang magagandang larawan lamang ang kukunin ng bawat pangkat.

## IV. IKAAPAT NA ARAW


### A. PAGLALAPAT

1. Gamit ang larawan, ipapaliwanag ng mga mag-aaral ang kabayanihan at kultura sa pamamagitan ng karatulastasan. Sasagutin nila ang tanong sa pamamagitan ng pagtula o paglikha ng tanaga na natalakay na. Mamimili lamang ng isang tanong na gagawan ng tanaga. Ang nabuong tanaga ay isusulat sa illustration board (1/8) at ipapaskil sa loob ng klasrum. Lagyan ng guhit sa gilid ng tula para maging KARATULA na ito. Ang tanong ay nasa kahon.


K  
A  
B  
A  
Y  
A  
N  
I  
H  
A  
N



2. Pagkatapos masuri ang kabayanihan, bibigyang-pansin ang kadakilaan ni Tudbulul at ihahambing sa sarili bilang indibidwal na gawain.



3. Ihambing ang sarili kay Tudbulul. Paano ka magiging bayani sa iyong sariling paraan?



Katangian ko bilang isang mamamayan\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

4. Papangatin ng guro ang mga mag-aaral batay sa kanilang pook na tinitirhan. Gagawa sila ng interbyu o pakikipanayam sa taong nakagawa ng dakilang kontribusyon sa kanilang kinabibilangang lugar, o hindi naman kaya ay isang katutubo (B'laan, T'boli etc.) na may ginawa upang pahalagahan ang kanilang kultura. Magkakaroon ng malayang talakayan sa pagitan ng lokal na bayani at mag-aaral. Tandaan kumuha ng mga larawan sa komunidad na nagpapakita ng kabayanihan at habang nagkakaroon ng interbyu kailangan rin itong maisadokumento. Nasa ibaba ang balangkas ng mga dapat makuha sa kapapanayamin.

## PANAYAM SA ISANG BAYANI SA KOMUNIDAD

### **Pangalan:**

Anong pagbabago ang naitulong mo para sa iyong bayan?

Para sa iyo, ano ang kabayanihan?

Bakit kailangan nating taglayin ang kabayanihan sa ating pagkatao?

Sa papaanong paraan magiging bayani ang mga mag-aaral na kagaya namin?

Ipinapangak ba ang isang bayani? Bakit Oo? Bakit Hindi?

## V. IKALIMANG ARAW

### A. EBALWASYON

Dadadalhin ng bawat grupo ang mga larawang nakuha sa kanilang pamayanan. Gagawa ng gallery walk sa klasrum ang klase. Dito nakadikit ang mga larawan ng bawat grupo. Ang larawan ay maaaring nakalagay sa manila paper o anumang papel na magpapakilala sa kanilang grupo.

1. Bago magkaroon ng dokumentasyon ng larawan, ilalahad muna ng guro ang rubric o pamantayan ng paggagrado. Ang dokumentasyon ng larawan ay magpapakita ng kabayanihan sa lipunan .

#### RUBRIC SA PAGGAWA NG CULTURE BASED PHOTO DOCUMENTATION

Batayan	Napakahusay 8-10	Maayos 5-7	Nangangailangan ng Tulong 1-4	Puntos
<b>Kuha ng Larawan</b>	Nagpapakita ng kasiningan ng paksang kinunan.	Naglalahad ng kuwento ang larawan ngunit hindi masyadong nabigyang diin.	Hindi masyadong sumusunod sa teknikal na aspekto ang pagkuha ng larawan.	
<b>Mensahe</b>	Buong-buo ang mensaheng kabayanihan nais ipakita ng larawan.	May nakakubling mensaheng kabayanihan sa larawan na kailangan pang pag-isipan.	May kakulangan sa paglalahad ng mensahe ng kabayanihan ang nakunang larawan.	
<b>Awtentesidad</b>	Makatotohanan ang kinunang larawan at ang konsepto ay orihinal.	May ginayang anggulo ang kinunang larawan ngunit kababakasan pa rin ng pagiging makatotohanan.	May malaking bahagi ng larawan ay kinopya o ginaya lamang sa ibang larawan.	

<b>Kultural na kaugnayan</b>	May lalim-kultural ang larawan sapagkat nagpapakita ito ng pamumuhay at kabayanihan sa komunidad.	Hindi gaanong malalim ang larawan at may kalabuan ang naipakitang kabayanihan sa larawan.	May kakulangan sa paglalahad ng kabayanihan ang nakuhang larawan .	
Kabuuan				

#### RUBRIC SA PAGGAWA NG KARATULASTASAN

<b>Batayan</b>	<b>Napakahusay 8-10</b>	<b>Maayos 5-7</b>	<b>Nangangailangan ngTulong 1-4</b>	<b>Puntos</b>
<b>Mensahe ng larawan</b>	Mahusay na ipinaabot ang mensahe ng tula sa pamamagitan ng piniling larawan na nagpapakita ng kabayanihan.	May kagandahan ang ginawang karatulastasan dahil nagtataglay ito ng mensahe ngunit may maliit na bahagdan na lumalayo sa tunay na diwa ang larawan.	May kahinaan ang larawan dahil hindi masyadong nakaugnay ang larawan sa ginawang tula.	
<b>Kahusayan sa ginamit na salita</b>	Malikhain ang pagbuo ng tula na nakaugnay sa larawang kinuha.	Maganda ang ginamit na salita sa pagbuo ng tula ngunit may maliit na kakulangan.	Kapansin-pansin ang kahinaan ng tula dahil hindi masyadong ginamit ang mga salitang makapagpapabigat sa tula.	

<b>Kaugnayan sa Temang Kabayanihan</b>	Tumpak at buong-buo ang tema ng Karatulastasan nagpapahiwatig ito ng kabayahihan.	Nakaugnay sa tema ang karatulastasan ngunit may mangilan-ngilang teknikal na kakulangan sa ginamit na salita sa tula.	Malabo ang ginawang pagtalakay sa tema sa ginawang karatulastasan.	
<b>Kalinisan ng gawa</b>	Malinis at walang pagkakamali ang ginawang karatulastasan. Mula sa paggawa ng tula hanggang sa paglalagay ng guhit o larawan.	May mangilan-ngilang karumihan ang karatulastasan ngunit nagpapakita pa rin ng kabuuan at katumpakan.	Hindi masyadong nabigyan ng oras at panahon ang karatulastasan dahilang upang hindi ito naging kaaya-aya at malikhain.	
Kabuuan				

2. Bago magtatapos ang talakayan sa epiko, mag-iiwan ng mahahalagang tanong ang guro na siyang gagawing paglalahat sa nagawang diskusyon.

**PAANO NAGIGING BAYANI ANG ISANG TAO? PANGATUWIRANAN.**

**PAANO MAITUTURING NA KABAYANIHAN ANG MGA PAHAYAG NA NAPAKINGGAN SA UNANG ARAW NG TALAKAYAN?**

**BAKIT KABAYANIHAN ANG KADALASANG PINAPAKSA NG MGA EPIKO?**



## B. EPIKO NI TUDBULUL

### ANG KAPANGANAKAN NI TUDBULUL

Salin ni Richard P. Moral, Jr. mula sa Wikang T'boli

(*Ang Epiko ng mga T'boli*)

Ang Lemlunay na paraiso para sa mga T'boli ay dumaranas ng tag-tuyot at tag-hirap. Wala ng tumutubong damo, punong namumunga, at dumadaloy na tubig sa sapa dahilang upang sila ay magutom.

Labis na nag-alala sina Kemokul at Lenkonul (mga magulang ni Tudbulul) kung saan kukuha ng makakain, ngunit ang kanilang labis na alalahanin ay ang kagustuhang magkaroon ng anak.



Isang gabi nanaginip si Lenkonul at ginising nya si Kemokul. Napanaginipan niya ang isang diwata na nagturan sa kanya na magkakaroon lamang sila ng anak kapag ngunguya siya ng nganga (isang uri ng halaman-betel nut sa ingles). Nasabik si Lenkonul at pilit niyang inutusan si Kemokul na tumungo sa lugar ng diwata para kumuha ng nganga.

Makailang beses na nag-isip si Kemokul kung susundin ang kabiyak, napakalayo ng nasabing lugar na kung tawagi'y "Mohin Lubon" (ang dagat) na siyang tahanan ng diwata. Nagpasya at kinausap niya si Lenkonul na kailangan niyang umalis. Madaling-araw ng umalis si Kemokul mula sa Lemlunay, naglakbay siya patungong Mohin Lubon hanggang sa inabot siya ng maraming buwan bago narating ang lugar. Natatanaw na niya ang hindi kalayuang bahay kung kaya komportable siyang nagpahinga muna upang ihanda ang sarili sa pakikipagharap sa diwata.

Hinay-hinay na lumapit si Kemukul sa bahay ng Diwata, tumawag siya ngunit walang sumagot. Alam niyang naririnig siya ng diwata ngunit parang wala itong pakialam. Nagpasyang umakyat si Kemukul nang walang paalam.

Patuloy pa rin sa ginagawang paghahabi si Sendowon (ang diwata) na tila hindi nakikita si Kemukul. Maya-maya'y narinig na lamang ni Kemukul ang galit na boses ng diwata: "Ano ang pakay mo rito?" Sino ka! Hindi mo ba alam ang mga ipinagbabawal rito? Hindi ko pinahihintulutan ang mga lalaki na pumasok sa pamamahay ko!"

"Gawin mo na ang lahat nang gusto mong gawin Diwata, ang mahalaga ay masabi ko ang aking layunin sa aking pagpunta, nais kong makakuha ng nganga na iyong itanim, upang kami ng asawa ko ay magkaroon ng anak," ang sagot ni Kemukul.

Galit na galit ang diwata at sinabing "Hindi mo ba alam na mahal ang nganga at hindi mo ito kayang bilhin!" "Katumbas nito'y mga libong kabayo! Libong metro ng tela at libong gong!"

"Batid ko po 'yan mahal na diwata, ngunit sa aming lugar kami ay naghihirap at ang tanging mayroon lang sa akin ay ang ipinamanang gong ng aking mga magulang, ito ay napakahalaga sa akin sapagkat ginamit pa nila ito noong ako'y kanilang pinaliguan, ibibigay ko po ito sa inyo kapalit ng bunga ng nganga para po kami ay magkaroon ng anak," ang pagsusumamo ni Kemukul.

Sumang-ayon naman ang diwata ngunit sa isang kondisyon na kapag babae ang anak niya ay mapupunta raw sa mag-asawa ngunit kapag ito ay lalaki ay magiging kaniya. Tumugon si Kemukul na "wala na akong magagawa." Tapos na ang kasunduan, at hinati ni Sendowon ang nganga nang ito'y ibigay kay Kemukul sa takot na baka ito ay kaniyang itanim.

Kung ilang buwan ang binilang sa kanyang pagtungo sa lugar ni Sendowon ang siya namang bilis nang siya ay bumalik sa Lemlunay, ginamit niya ang ibinigay na halaman ng kanyang kamag-anak upang mapaikli ang daan. Sumakay ng ulap si Kemukul at maya-maya ay narating na niya ang kanilang lugar.

Ipinanguya niya agad ang unang hiwa ng nganga kay Lenkonul sa unang gabi ng kanyang pagdating, isang hiwa naman sa ikalawang gabi hanggang sa ang pakiramdam ni Lenkonul ay nagdadalantao na siya. Nang sumunod na gabi isang hiwa ulit at naramdaman niyang lumalaki ang bata sa kanyang sinapupunan. Nginuya nya ang ikasampung hiwa hanggang naramdaman niyang sumasakit na ang kanyang tiyan matapos nguyain ang ikalabing-isang hiwa.

Magbubukangliwayway, bago sumikat ang haring araw nang isilang ang isang malusog na sanggol na lalaki. Ang inunan ay gong at ang pumupulupot na siyang dumudugtong ng kanyang buhay ay isang itak kung saan iyon ang pinanggalingan ng kanyang lakas at kapangyarihan.

Nang umaga ring yaon, isinilang ng kapatid ni Kemokul na si Solok Minum ang isang sanggol na babae. Hiniram ito ni Kemokul at inilagay sa tabi ni Lenkonul. Dali-daling dinala ni Kemokul ang sanggol na lalaki sa paanan ng bundok, ito ay kanyang inalay sa nagmamay-ari ng bundok sabay ang pag-usal ng isang panalangin na ang kanyang anak ay maging “Sandigan ng Bundok.” Dito nagmula ang pangalang “Tudbulul” na ang katumbas ay sandigan ng bundok.

Hindi na lingid sa diwata ng Mohin Lubon na ang isinilang na sanggol ay lalaki. Nagtungo siyang galit na galit sa bahay ng mag-asawa at nagsabing, “Hindi ka tumupad sa usapan Kemokul.” Dagdag niya, ang sanggol ay nilunok na ng malaking sawa, agad niyang inilabas mula sa kanyang palda ang malaking sawa. Nang siya’y dumating sa kanyang tirahan, ipinaluwa niya sa sawa ang sanggol at kaniya namang hinipan upang maibalik ang buhay nito.

Naiwan si Tudbulul sa itaas ng hagdan na ang naging unan ay sanga ng kahoy at ang banig ay mga tuyong hibla ng abaka. Makaraan ang ilang lingo, si Tudbulul ay naging isang malusog na bata, nakakakita na siya ng liwanag at natuto ng ngumiti sa mga namamalas sa paligid.

Lumipas ang mga buwan, natutong umupo at maglakad si Tudbulul hanggang sa dumating ang panahon na marunong na siyang magsalita. Kinausap siya ng diwata at sinabing “ Anak, ako ay aalis, iiwan kita rito upang

bantayan ang aking mga pagmamay-ari, huwag na huwag kang papasok sa silid malapit sa silangan. Huwag mong iwanan ang lugar na ito. Aalis ako upang dalawin ang iyong lola, baka matatagalan ako sapagka't ito'y napakalayo".

Tinungo ng diwata ang isang tahanan ng mangkukulam na si "Wogung." Pag-uusapan nila kung paano nila mapapatay si Tudbulul at mailuluto ang laman nito para sa isang kasalan (Ma Ninum).

Narinig ng buwan ang maitim na balak ng diwata at tinawag si "Selel" (may-ari ng buwan). Nagpasya silang tulungan si Tudbulul sapagkat nais siyang patayin ng diwata. Nagpalit ng anyo ang buwan ng ibong "Duyung" at pinuntahan si Tudbulul. Tulog na tulog si Tudbulul nang biglang dumapo ang ibon sa kanyang ilong. Inisa-isa ng ibon kung ano ang kanyang mga nalalaman sa pagkatao ni Tudbulul. Una, na ang diwata ay hindi niya tunay na ina. Sinabi ng ibon na siya ay ipinambayad sa nganga upang magkaroon ng anak sina Lemkonul at Kemokul na silang tunay niyang mga magulang, at pangalawa na siya'y ipinanganak sa Lemlunay.

Nakita ng ibon na nahintakutan ang bata kaya sinabihan niya itong tumalon sa dagat, ngunit bago mangyari iyon ay kailangan munang mahanap ni Tudbulul ang kayamanan ng diwata na nasa gawing silangang bahagi ng bahay kung saan naroroon ang dagat. "Kailangang manakaw mo ang kayamanan, huwag kang mag-alala tutulungan kita" ang sabi ng ibon. "Kailangang ikaw ang unang makapatay sa kaniya, kapag hinabol ka niya, gamitin mo ang dahon ng kahoy ng "Belol" putulin mo ito sa walong piraso at itanim sa pagitan ninyong dalawa. Sa ganyang paraan mo siya mapapatay, huwag kang matakot, maging matapang ka."

Nagising na lamang si Tudbulul na may luha sa mata. Hindi siya makapaniwala sa mga sinabi ng ibon sa kaniyang panaginip. Inalala niyang muli ang mga sinabi ng ibong Duyung sa kanya at kailangan niyang magmadali. Kailangan niyang kumilos at sundin ang bawat panuto sa kanya ng ibon.

Hindi nag-aksaya ng panahon si Tudbulul, sinunod niya ang sinabi ng ibon . Pinasok niya ang silid kung saan naroon ang kayamanan ng diwata. Mula sa kawalan ay narinig niya ang tinig ng ibon na pilit siyang ginagabayan

upang gawin ang balak. Hindi nagtagal tinalon ni Tudbulul ang kayamanan ng diwata, tumigil muna siya rito at kumuha ng isang gintong kabayo mula sa dagat. Ang katawan niya ay nabalot ng ginto. Nagtungo siya sa kaibigan at humingi ng isang hinabing tela upang matakpan ang kumikintab na katawan. Agad siyang sumakay sa kabayo at pinatakbo ito.

Nang panahong iyon, naramdaman ng diwata na may kakaibang nangyayari. Ginamit niya ang lahat ng kanyang lakas at mahika, sa isang iglap nakita niya mula sa kanyang sombrero si Tudbulul na ninanakaw ang kanyang kayamanan.

Agad-agad siyang lumipad at hinabol si Tudbulul. Naalala ni Tudbulul ang sinabi ng ibon, pinutol-putol niya ang dahon ng puno sa walong piraso at itinanim niya sa pagitan nila ng diwata habang sila ay naglalaban. Nahulog ang diwata nang mahipo niya ang dahon ng puno na sanhi ng kanyang kamatayan.

Nagpatuloy si Tudbulul sa kanyang pakikipagsapalaran. Nagtungo siya sa Mugul bilang isang matandang lalaki. Pumunta siya sa tahanan ni Datu Singgul. Sinabi niyang naghahanap siya ng trabaho, agad naman siyang tinanggap ng Datu ngunit sa kasunduang kailangan niyang linisin ang buong lugar, kung hindi ay ililibing siya sa gilid ng bundok. Sinimulan niyang putulin ang malaking kahoy hanggang sa ito ay mabuwal. Inabot din siya ng buong araw upang malinis ang lugar. Nang matuyo na ang mga dahon ay sinunog niya ito.

Nang gabing iyon ay muli siyang nanaginip dinalaw siya ng Duyung na may dalang mga palay, buto ng pipino at pakwan. Itinanim niya ito at nagpamangha sa lahat na siyang ikinahiya ng Datu kay Tudbulul. Nagpaalam si Tudbulul sa mga nagugulumihanang mga tao, kung saan ayon sa kanila si Tudbulul daw ay hindi isang ordinaryong nilalang.

Tumuloy si Tudbulul sa Longit Setang upang makipagkita kay Datu Fetugun at sinabing siya ay naghahanap ng trabaho. Tumugon ang Datu, "Kami ay may suliraning pampamayanan, may isang malaking sawa na lumalamon ng mga tao, baka at kalabaw, walang makapapatay sa kanya, may mga nagtangkang pumatay ngunit hindi na nakabalik."

“Kapag napatay mo ang sawa, iaalay ko sa iyo ang aking kapatid bilang iyong mapapangasawa, magiging iyo siya na walang katumbas, ang sawang ito ang pinakamalaki naming suliranin,” bangggit ng Datu.

“Susubukan ko,” ang tugon ni Tudbulul. Hindi alam ni Tudbulul na si Bo-I Denfel Kulu El na kung tawagin ay Hedubel Longit Sentel ( Ang Prinsesa) ay sumisilip mula sa bintana at nakatitig kay Tudbulul. Maya-maya’y sinabi niyang buksan ang bintana sapagkat napakaalinsangan. Nagkatitigan ang Bo-I at si Tudbulul.

Hatinggabi nang tinungo ni Tudbulul ang gitna ng karagatan at naghanda sa pakikipagtuos sa malaking sawa. Ang iba pang mga hayop ay takot na takot kay Tudbulul. Sumuko sila kay Tudbulul kaya anuman ang sabihin nito ay kanilang sinusunod. Itinapon ni Tudbulul ang nginunguya niyang nganga, na siyang nagpasuko sa malaking sawa. Hindi nag-aksaya ng panahon, tinaga niya ito at nahati sa walo ang sawa. Ang Fun Bulul at Fun Tebul ay naghiyawan sa galak. Bilang pangako na pagkakasundo kay Hedubel, ang prinsesa at si Tudbulul ay ikinasal at nagdiwang ang lahat.

Nagtayo ng bahay si Tudbulul at kauban ang kanyang asawa.

Sa Lemlunay, ang mga magulang ni Tudbulul ay nagkaroon ng 9 na anak na babae. Si Prinsesa Kanaban na kilala bilang isang magaling na mananayaw. Lahat sila ay sabik na makita si Tudbulul, ang bunsong si Nga Heniton (pinakamamahal) ang nagpupumilit, kaya siya ay umalis nang walang paalam upang hanapin si Tudbulul. Tinungo niya ang daan kung saan dumaan si Tudbulul.

Isang araw, habang naliligo ang asawa ni Tudbulul sa bukal, nakakita siya ng isang napakagandang isda. Tumakbo siya sa kanilang bahay at humingi ng tulong sa kanyang bana para mahuli ang isda upang kaniyang maalagaan.

Dahan-dahang nagtampisaw si Tudbulul sa tubig at kinausap ang isda, “Kung tayo ay pinakain sa iisang dibdib, ikaw ay manatili at kung hindi malaya kang makakaalis”. Maya-maya’y idinantay ng magandang isda ang kanyang ulo sa makintab na bato. Nang hipuin ni Tudbulul ang isda ay bigla

itong nag-ibang anyo bilang isang babae. Nagulat si Tudbulul at sinabing” Sino ka? ‘Saan ka galing?

“Ako ang iyong kapatid, hinanap kita, ang ating ama ay nag-aalala sa iyo”, ang tugon ng prinsesa. “Sino ang aking ama? Hindi ko alam kung sino?” ang sagot ni Tudbulul.

Ipinaliwanag ni Nga Heniton kay Tudbulul ang lahat-lahat ng pangyayari na siya ay ipinambayad sa nganga upang magkaanak ang kanyang mga magulang at iyon daw ang pinakamalupit na naging kasunduan na ginawa ng Diwata sa kanyang ama. Kaya minarapat ng ama na ikaw ay iwan sa bundok na alam niyang ikaw ay makakabalik. Patuloy na nagpapaliwanag si Nga Heniton na siyang ikinagalit nang lubos ni Tudbulul. “Wala akong ama na hindi marunong magmahal sa akin, bakit niya ako ibinigay kay Sendawon?!” ang nangangalit na tugon ni Tudbulul.

Naiwang galit na galit si Tudbulul, bumalik ng Lemlunay si Nga Heniton upang sabihing natagpuan na niya si Tudbulul. Tuwang-tuwa sina Kemukul at Lenkonul at nagpasama sila kay Nga Heniton upang makita si Tudbulul ngunit hindi ito pumayag. “Ayokong malagay sa panganib, galit na galit si Tudbulul” sumbong nito sa mga magulang.

Kumuha ng dahon si Lenkonul at sumulat ng mensahe kay Tudbulul na kailangan niyang bumalik sa Lemlunay sapagkat nais nila itong makita, ngayong malaki na siya. Bumalik si Nga Heniton kina Tudbulul na dala ang mensahe ng ina kasama ang iba pa nitong kaibigan na sina Selel(ang buwan), Duyung ( ang ibon) Fun Bulul (ang may-ari ng kabundukan) at si Fun El (may ari ng tubig). Ibinalik nila si Tudbulul sa Lemlunay kasama ang asawang si Hedubel. Nakilala niya ang kanyang mga totoong magulang at iba pa niyang kapatid, pawang sabik na sabik ang lahat nang makita si Tudbulul. Sina Locs K’lagan at La Fun ( ang mga manggagamot) ang naglapat ng lunas sa kanila. Nagdiwang ang mag-anak sa kanilang pagkikita na tila may kastifun (pagdiriwang) sa Lemlunay. Tumugtog ng gong, hegulong (isang gitara) at kumbing (pangil ng pating). Nagkaroon ng away ng kabayo, habang ang mga babae ay sumasayaw, ang lahat ay hindi natulog. Ipinagdiwang nila nang buong galak ang pagbabalik ni Tudbulul .

Matapos ang pagdiriwang, itinalaga ni Tudbulul ang kanyang mga kapatid kasama ang kanilang asawa sa iba't ibang lugar upang maging kanilang pagmamay-ari.

Pinaniniwalaan na ang kasalukuyang T'boli ay mula sa lahi ni Tudbulul at ng kanyang pamilya. Ang kanyang katapangan, kapangyarihan, pagiging malakas at mahusay na pinuno at maging hindi mapapantayang karunungan ang siyang dahilan ng kanyang pagiging maalamat na bayani ng mga T'boli.

Photo credits:

- [bayaningfilipino.blogspot.com](http://bayaningfilipino.blogspot.com)
- [philippineheroesandheroines.blogspot.com](http://philippineheroesandheroines.blogspot.com)
- [jeanrojas.tripod.com](http://jeanrojas.tripod.com)
- [tl.wikipedia.org](http://tl.wikipedia.org)
- [indioproducts.com](http://indioproducts.com)
- [theworriedbunny.wordpress.com](http://theworriedbunny.wordpress.com)



**S**i **Richard P. Moral, Jr.** ay nagtapos ng BSE-FIL at Master of Arts in Teaching Filipino at nakuha ang best thesis presenter. Awtor siya ng limang aklat sa Filipino, 2 mula sa Rex Publishing House ang 'Angking Yaman' (ikalawa at ikaapat na taon) at 3 sa Kampana Publishing House (baitang 7,8 at 9). Tinanghal siyang ulirang Guro sa Filipino sa buong bansa ng komisyon sa wikang Filipino noong 2014 at best culture based lesson exemplar writer sa Filipino sa buong bansa ng National Commission for Culture and Arts noong 2013. Iskolar ng National Commission for Culture and the Arts at SEAMEO Innotech. Nanalo ang kanyang school paper bilang pinakamahusay na papel sa Pilipinas sa pahinang agham, balita at lathalain sa National Schools Press Conference 2014 at 2015. Fellow ng Davao Writers Workshop. Siya ang literary, research, at school based management coordinator ng Koronadal National Comprehensive High School. Tagapagtaguyod ng kulturang lokal ng South Cotabato batay sa pananaliksik at simposyum na kaniyang inihanda. Kasalukuyang tinatapos ang kaniyang Phd sa Educational Management sa Notre Dame of Marbel University.